
# Banghay-Aralin sa Edukasyon sa Pagpapakatao II

**May-Akda: Gerald A. Cloma**
**Designation: Teacher III**
**Paaralan: New Washington Elementary School**




**I. Layunin**: Nakapagbabahagi ng sariling karanasan o makabuluhang pangyayaring nagpapakita ng pang-unawa sa kalagayan/pangangailangan ng kapwa

**II. Paksang-Aralin**

1. ***Pamagat:*** "Apolakus"
2. ***May-akda:*** Alice Mallari
3. ***May-guhit:*** Leo Agtuca
4. ***Pagpapahalaga:*** Pagdama at pag-unawa sa damdamin at kabutihan ng iba

**III. Pamamaraan**

1. **Pagganyak**


   a. Mga Tanong

   Ano ang gagawin mo kung may madyik kang taglay?

   Sino ang may mas malakas na kapangyarihan-- ang madyikero o superhero? Bakit?


   b. Pangkatang Gawain

   Gamit ang metacards, ipasulat sa pangkat ang mga salita o pariralang tumutukoy sa salitang nakasulat sa loob ng bilog at isulat ang pakahulugan ng salita ayon sa ibinigay na mga sagot sa metacards.




2. **Paghawan ng Balakid**

   Ipaskil ang mga salita na nakasulat sa metacards na kaakibat ang kanyang kahulugan. Gumawa ng maliit na placards na nakasulat ang Uri, Sino, at Bakit. Isa-isa itong itaas at ipalarawan sa mga bata ang kanilang hinuha o ideya patungkol dito.






Copyright © 2017 by Ayala Foundation

Uri: Anu-ano ang mga uri ng labanan na alam niyo?
Sino: Sinu-sino ang kadalasang gumagawa nito?
Bakit: Bakit kaya nila ito ginagawa? (*Siguro…*)
Nakabubuti ba ito?

**3. Pagbasa ng Kuwento (Interactive Read Aloud)**
Gawin ang masining na pagkukuwento. Ang guro ay maaaring may hawak na patpat, suot na maskara, o 'di kaya'y nakasuot ng kapa. Maglagay ng marka o palatandaan sa bahagi ng pahinang maaaring magtanong o kunin ang opinyon o karanasan ng mga bata. Mahalaga na i-modelo ng guro kung papaano mag-isip at magpahayag ng opinyon o ideya.

**4. Pagkatapos Bumasa**
a. Pangkatang Gawain: Discussion Guide
Ibigay sa bawat pangkat ang gabay na mga tanong o pahayag, at pag-usapan ito.
Ang guro ay maaaring gabayan ang bawat pangkat sa pagpapalawak ng talakayan.

1. Ang batang gumagamit ng kanyang imahinasyon ay malayo sa katotohanan.
2. Ang takot at pangamba ay tanda ng pagiging mahina.
3. Ang pagiging bully ay dahil sa masamang karanasan ng gumagawa nito.
4. Mabuti pa rin akong bata kung nag-iisip ako nang masama tungkol sa aking kapwa.
5. Ang pag-iwas sa batang bully ay tanda ng kahinaan.
6. Ang takot sa isang tao ay tanda ng paggalang dito.
7. Maiintindihan ka ba ng nambu-bully sa iyo kung sasabihin mong nasasaktan ka na sa kanyang ginagawa?
8. Kung ikaw ay nakararanas ng pambu-bully, paano mo haharapin ang pagsubok ng kalungkutan, pag-aaalala, takot, at iba pang emosyonal at mental na suliranin?

b. **Pangkatang-Gawain: Learning Center**
Ipangkat muli ang mga bata ayon sa kanilang interes gamit ang "literature circle."

**Director**
Magsulat ng mga tanong at pag-usapan ito. Ang tanong ay maaaring magsimula sa paunang katagang…

**Paano kaya kung…**
*Paano kaya kung talagang may madyik si Dadoy, gagawin kaya niya ang mga naiisip kina Jay-Jay at Yuki?*

**Kung ikaw si …**
*Kung ikaw si Aling Amanda, hindi ka ba magagalit kina Jay-Jay at Yuki?*

**Nanaisin mo ba…**
*Nanaisin mo bang maging kaibigan sina Jay-Jay at Yuki kahit alam mong sinasaktan ka nila?*

**Life Connector**
Maghanap ng tatlong bahagi o larawan sa kwento, i-konekta ito sa tunay mong karanasan.



Copyright © 2017 by Ayala Foundation

Ang bahagi ng kwentong ito ay …


Naaalala ko noon na …



**Planner**

Pumili ng isang pangyayari o larawan sa kuwento. Isulat ang sanhi nito gamit ang graphic organizer at palawakin ang posibleng maging bunga. Maaaring magdagdag ng bilog sa organizer

Pumili ng isang pangyayari o larawan sa kuwento. Isulat ang sanhi nito gamit ang graphic organizer at palawakin ang posibleng maging bunga. Maaaring magdagdag ng bilog sa organizer




**Sanhi**: _Ayaw nang pumasok ni Dadoy sa_

**Illustrator**

Pumili at iguhit ang isang tauhan sa kuwento. Gumuhit at gumupit ng "speech balloon" na may nakasulat na mga kataga o pangungusap. Ito ay maaaring kuha sa kuwento o 'di kaya'y ibig mo sanang sabihin ng tauhan.






Copyright © 2017 by Ayala Foundation

**IV. Paglalapat**

Pangkatang Gawain: Gumawa ng Anti-Bullying Campaign Poster na maaaring nakasulat ang mga katangian ng bullying, gabay upang maiwasan ito, o panuntunan kapag may bullying. Idikit ito sa freedom wall ng inyong paaralan.

**V. Pagpapahalaga**

Gamit ang Anti-Bullying Campaign Poster, gumawa ng isang survey form at ipatala sa mga estudyante ang pag-unawa nila sa poster na nakita.

| | OO | HINDI |
|---|---|---|
| Nauunawaan ko ang poster na ito. | | |
| Malungkot ang maging biktima ng bullying. | | |
| Ang panunukso na nakasasakit sa damdamin ng iba ay isang uri ng bullying. | | |
| Masaya ang may maraming kaibigan. | | |
| Ako ay naging isang bully NOON, hindi na NGAYON! | | |

Magbigay ng konklusyon mula sa resulta ng survey.

**VI. Takdang-Aralin**

Magtala ng limang hindi magandang epekto ng bullying.



Copyright © 2017 by Ayala Foundation